

Tatlong Araw at Tatlong Gabi

Ayon kay Winston Churchill, “*Ang tao madalas ay nadarapa sa Katotohanan, subalit marami ang bumabangon lamang na parang walang nangyari.*” Gaano katotoo ito?

Ang tao ay may kinasasanayang pag-uugali o ‘*habit*’. Pag nakasanayan na ang paniniwala at pag-uugali—ayaw na ng pagbabago. Sa totoo lang, likas sa atin ang ipaglaban at makipagtalo upang depensahan ang sariling paniniwala kahit na may matitibay na katotohanan pang sasalungat dito.

Di ka ba nagtataka kung bakit naniniwala ka sa mga bagay na pinaniniwalaan mo at ginagawa ang mga bagay na ginagawa mo? Maaaring di ka pa tumigil para tanungin ang sarili ng ganito. Ito ay dahil sa tinatawag na ‘*sheep instinct*’ sa tao—ang pakiki-ayon sa paniniwala ng ibang nakapaligid sa atin, *sunod lang ng sunod*—kahit na maraming tao ang naniniwala sa mga bagay na hindi totoo. Tulad na lang ng paniniwala ng marami sa pagdiriwang ng Muling pagkabuhay ni Cristo na walang basehan sa kasulatan, bagkus ang utos ay payapa nating alalahanin ang kanyang kamatayan (1 Corinto 11:23-26)! Idagdag pa dito, ang magulong tradisyon, na karamihan ay di ayon sa biblia tungkol sa araw ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay.

Ang Hamon at Paanyaya ng Dios

Ang biblia ay nag-aanyaya sa atin ‘*Halikayo at tayo’y magkatuwiranan, sabi ng Panginoon*’ (Isaias 1:18). ‘*Subukin natin ang lahat ng mga bagay*’ sa kasulatan, hindi ng pagsasalungatan, o ng paganong tradisyon ng mga tao (1 Tesalonica 5:21). Oras na para kumawala sa kadena ng tradisyon at basahin ang iyong biblia. Sabi ni Cristo “*At malalaman mo ang katotohanan at ang katotohanan ang magpapalaya sa iyo*”. Kalayaan mula sa ano? Kalayaan sa mga kamalian, sa maling katuruan maging sa gapos ng tradisyong natutunan natin sa iba.

Pandaraya ni Satanas

Sa biblia sinasabi na si Satanas ang dumaraya sa buong mundo (Pahayag 12:9). Kasama dito maging ang mga iglesia at kongregasyon pangrelihiyon sa buong mundo. Sa kasamaang palad, maraming mga tao sa ngayon ang salat sa kaalaman sa biblia. Ang biblia ay aklat na gustong basahin ng karamihan subalit ilan lamang ang tunay na nagbabasa nito. Ito ay aklat kung saan ang bawa’t isa ay may kani-kaniyang opinyon na madalas ay nakabatay sa sinasabi ng ibang tao tungkol dito at hindi bunga ng masusing pagsasaliksik. Panahon na para pagpagin ang alikabok ng bawa’t pahina ng inyong biblia, basahin at saliksikin ang katotohanan nakapaloob dito. Ang mga mapagtiwala at inosenteng tao ay patuloy na nadaraya para isipin na ang paganong kaugalian, pamahiin at huwad na doktrina o katuruan ay nagmula sa banal na aklat. Maging ang kasulatan ay nagsabi na si *Satanas ay nagpakunwaring anghel ng kaliwanagan at samakatuwid, maging ang kanyang mga ministro* (oo, may ministro si Satanas!) *naman ay nagpakunwaring ministro ng katuwiran* (2 Corinto 11:14-15).

Si Jesus ay paulit-ulit na nagbababala sa atin; ‘*Mag-ingat kayo na huwag mailigaw ninoman, sapagkat marami ang magsisiparito sa aking pangalan na magsasabi sila ang Cristo at ililigaw ang marami,*’ Marami na magsasabi ng totoo, na si Jesus ay ang Cristo, subalit dahil sa pagbaluktot ng kasulatan para umayon sa kanilang paniniwala, dagdag pa ng maling doktrina at kaugalian, lumilikha ng huwad na propesiya, at mga pagpapamalas ng mga tanda at kababalaghan “sa Kanyang pangalan” ay magliligaw ng Marami (Mateo 24:4-5,11,24).

Pinukaw ni Satanas ang mga dalubhasa, mga tagapagturo at maging ang may malayang kaisipan o ‘*free thinker*’ upang tuyain at pasinungalingan ang tanging tanda na ibinigay ni Jesus na Siya talaga ang ‘*Messiah*’. Gayon din ang nabanggit ni Jeremias 14:14, “*Ang mga propeta ay nanghuhula ng kasinungalingan sa aking pangalan, hindi ko sila sinugo o inutusan man, o nagsalita man sa kanila; sila’y nanghuhula ng huwad na pangitain at ng panghuhula, at mga bagay na wala, at ng daya ng kanilang puso.*”

Sinabi ni Jesus na ang tanging tanda ibibigay Niya na siya ang Mesias ay ang pananahan niya sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi sa ilalim ng lupa (Mateo 12:39-40). Basahin mo ito sa iyong biblia. Naniniwala ka ba sa tandang ito? Subalit maraming iskolar at ‘*theologians*’ ang nagsasabi na si Jesus ay nasa libingan lamang sa loob ng 1 buong araw at 2 gabi; kalahati lamang ng sa sinabi ni Jesus. Ang maling pagkaunawa sa kasulatan ang nagbulid sa marami upang mapawalang-saysay ang tanging tanda ng Kanyang pagka-Mesias at ang pagbalewala na ito na pinahayag ni Cristo ay tuwirang pagtanggap kung ano ang sinasabi ng kasulatan. Imbes na ipagdiwang ang Kanyang muling pagkabuhay, tayo’y inatasan na alalahanin ang kanyang kamatayan sa pamamagitan ng Paskua o ‘*Passover*’ (Lucas 22:19-20; 1 Corinto 11:23-26). Ang katuparan ng tandang ito ay testimonya di para sa mga tao na naroroon kundi sa darating pang mga henerasyon na si Jesus

ang tunay na Mesias! Sa ganitong kaisipan, makaiisip ba tayo ng kahit anong rason para si Satanas ay hindi guluhin at itatwa na si Jesus ang Mesias? Siguradong Hindi! Si Satanas ay ‘anti-Cristo’, batikang mandaraya, mapagpaikot ng kasulatan, at kalaban ng sangkatauhan. Sa kasalukuyan ay patuloy siya sa pandaraya sa buong mundo (Pahayag 12:9). Sa ganito’y huwag nating pagtiwalaan ang mga salita ng mga nadayang tao. May nag-iisang maaasahang talaan ng kasaysayan na katiwa-tiwala, ang BIBLIA at anomang kaugalian o tradisyon na sasalungat dito ay marapat na balewalain at di paniwalaan.

Si Cristo, Ating Paskua (Passover)

Sa 1 Corinto 5:17 ay sinabi; ‘*Sapagkat naihandog na ang ating kordero ng Paskua walang iba kundi si Jesucristo.*’ Dumating si Jesus upang tuparin ang mga hula ng kordero ng Paskua. Kung paanong ang dugo ng tupa na napahid sa patibayan ng pintuan ay nagligtas sa mga ‘unang silang’ (*firstborn*) sa mga lipi ng Israel, gayun din naman ang dugo ni Jesus na nabubo sa ating mga kasalanan ay nagligtas sa tin sa parusang kamatayan (Exodo 12:7)

Ilang sandali bago pa ipako si Cristo, ang nagpaplanong pumatay kay Cristo na pinuno ng relihiyon, natakot sa kanyang kasikatan at mahigpit na umuusig upang Siya’y pasamain sa iba. Sila ay humiling na magpakita Siya ng tanda—kung maaari ay yung hindi pangkaraniwan—Upang patunayan na siya isinugo o ang Mesias.

Matapos nilang personal na makasaksi at makarinig ng di mabilang na himala at pagpapagaling o tanda, ito’y nawalang kabuluhan sa Eskriba at Pariseo na ibig masukol si Cristo na may panunuya at huwad na pagpapakumbaba na nagsabi “*Guro, ibig naming makakita ng isang tanda sa inyo*” (Mateo 12:38)

Maging si Pablo ay tahasang sinabi, “*Ang Judio ay nagsisihingi ng tanda, at ang griyego ay nagsisihanap ng karunungan.*” (1 Corinto 1:22)

Si Jesus, sa pamamagitan ng Ama, ay kayang magpakita ng tanda, at himala. Kung ginawa niya ito, walang kadudadudang ituturing nila itong ‘*magic tricks*’ o palabas lamang. O maaaring kumuha sila ng ibang tao para magpakita rin ng kagayang tanda tulad nina Jannes at Jambres, mga mahikero sa harap ni Moses (Exodo 7:11).

Si Jesus ay nagpahayag ng tanda sa mga Pariseo at Eskriba na hindi pa nila makikita hanggang hindi nila nagagawa ang kanilang bahagi sa plano, ang pagpatay kay Jesus!

Nagbigay ng Tanda si Jesus!

Sinabi ni Jesus “*isang lahi na masama at mapangalunya ay humahanap ng isang tanda, at di siya bibigyan ng isang tanda kundi ang tanda ni Jonas; kung paanong si Jonas ay napasa tiyan ng balyena na tatlong araw at tatlong gabi; ay gayon ding mapapasa ilalim ng lupa nga tatlong araw at tatlong gabi ang Anak ng tao.*” (Mateo 12:39-40)

Sa madaling salita “ang tanda na magpapatunay ng katotohanan ng Aking mensahe at ang Aking pagiging sugo o Mesias ay isang bagay na Ako mismo ay walang kakayanang kontrolin. Matapos ninyo akong ipapatay, Ako ay mananatili sa libingan o ‘hades’ ng eksaktong tatlong araw at tatlong gabi. Hindi Ko makakayang buhayin muli ang sarili Ko. Kung muling bubuhayin Ako ng Ama ayon sa sinabi Ko sa inyo, magpapatunay iyon ng walang pag-aalinlangan na Ako nga ang Mesias. Ito ang tanging tanda na ibibigay Ko sa inyo.”

Ang ilang bahagi lamang ng Biyernes, kabuoang araw ng Sabado at muli, ilang bahagi ng linggo ay tinatanggap na 3 araw, eto ay kung idadahilan natin na anomang bahagi ng araw ay maibibilang na isang buong araw. SUBALIT—SAAN BA NATIN NAKUHA ANG 3 GABI? Kung pagbabasehan natin ang nasabing dahilan, magbibigay lamang ito ng 2 gabi; ang Biyernes ng gabi at sabado ng gabi! Ang tunay na nagsasaliksik ay mapupuna na may mali sa matagal ng pinaniniwalaan hinggil sa pagkapako at pagkabuhay na maguli ni Cristo. Totoo ba na namatay si Jesus ng Biyernes ng hapon at nabuhay maguli ng Linggo ng umaga? Alamin natin.

Ano ang Tanda?

Ang tanda na ibinigay ni Jesus ay di lamang tungkol sa kanyang kamatayan at muling pagkabuhay—kundi ang HABA NG ORAS na itatagal Niya sa ilalim ng lupa bago Siya muling mabubuhay. IYON ANG TANDA! Marami ay naniniwala na si Jesus ay ipinako at nabuhay maguli mula sa mga patay, ngunit nalalabuan sa ikalawang bahagi ng tanda—yung eksaktong 72 oras sa libingan. Ang ‘*Good Friday-Easter Sunday*’ na tradisyon ay mariing itinatatwa ang ganitong kaimportanteng detalye.

Ang lumang tipan ay eksaktong naihula ang dadanasing hirap ng Mesias hanggang mamatay at muling mabuhay, walang nasabi kahit ano hinggil sa haba ng oras na itatagal Niya sa libingan. Ito ay sariling prediksyon ni Cristo na base sa isa aklat sa biblia—ang kay Propeta Jonah. Tinupad ba ni Cristo ang sarili niyang prediksyon? OO NAMAN!

Napakahalaga ng tandang ipinangako na ito’y paulit ulit isinaysay sa ibat-ibang pagkakataon sa labingwalo magkakahiwalay na okasyon! Inuulit ng biblia ang mga bagay upang bigyang diin at magpaalala. Bakit pa ito maingat na nasulat kung di rin lang napakahalaga nito? Saliksikin natin ang buong biblia upang mailarawan ang haba ng oras na si Cristo ay nasa libingan upang makita natin ang kabuuan nito.

Tatlong Araw at Tatlong Gabi

- **Mateo 12:40**, Sapagka’t kung paanong si Jonas ay napasa tiyan ng isang balyena na tatlong araw at tatlong gabi; ay gayon ding mapapasa ilalim ng lupa na tatlong araw at tatlong gabi ang Anak ng tao.
- **Mateo 16:21**, Mula ng panahong yao’y nagpasimulang ipinakilala ni Jesus sa kaniyang mga alagad, na kinakailangan siya’y pumaroon sa Jerusalem, at magbata ng maraming bagay sa matatanda at sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba, at siya’y patayin, at muling ibangon sa ikatlong araw.
- **Mateo 17:23**, At siya’y papatayin nila, at sa ikatlong araw ay siya’y muling ibabangon. At sila’y lubhang nangamanglaw,
- **Mateo 20:19**, At ibibigay siya sa mga Gentil upang siya’y kanilang alimurahin, at hampasin, at ipako sa krus: at sa ikatlong araw siya’y ibabangon.
- **Mateo 26:61**, at nangagsabi, Sinabi ng taong ito, Maigigiba ko ang templo ng Dios, at muling itatayo ko sa tatlong araw.
- **Mateo 27:63**, Na nagsisipagsabi, Ginoo, naaalaala namin na sinabi ng magdarayang yaon nang nabubuhay pa, Pagkaraan ng tatlong araw ay magbabangon akong muli.
- **Marcos 8:31**, At siya’y nagpasimulang magturo sa kanila, na ang Anak ng tao ay kinakailangang magbata na maraming mga bagay, at itakwil ng matatanda, at ng mga pangulong saserdote, at ng mga eskriba, at patayin, at pagkaraan ng tatlong araw ay muling magbangon.
- **Marcos 9:31**, Sapagka’t tinuran niya ang kaniyang mga alagad, at sa kanila’y sinabi, Ibibigay ang Anak ng tao sa mga kamay ng mga tao, at siya’y papatayin nila; at pagkapatay sa kaniya, ay siyang magbabangong muli pagkaraan ng ikatlong araw.
- **Marcos 10:34**, At siya’y kanilang alimurahin, at siya’y luluraan, at siya’y hahampasin, at siya’y papatayin; at pagkaraan ng tatlong araw ay magbabangon siyang muli.
- **Marcos 14:58**, Narinig naming sinabi niya, Aking gigibain ang templong ito na gawa ng mga kamay, at sa loob ng tatlong araw ay itatayo ko ang ibang hindi gawa ng mga kamay.
- **Lucas 13:32**, At sinabi niya sa kanila, Magsiparoon kayo, at inyong sabihin sa lobong yaon, Narito, nagpapalabas ako ng mga demonio at nagpapagaling ngayon at bukas, at ako’y magiging sakdal sa ikatlong araw.
- **Lucas 18:33**, At kanilang papaluin at papatayin siya: at sa ikatlong araw ay muling magbabangon siya.
- **Lucas 24:7**, Na sinasabi, Kinakailangan na ang Anak ng tao ay ibigay sa mga kamay ng mga taong makasalanan, at ipako sa krus, at magbangong muli sa ikatlong araw.
- **Juan 2:19**, Sumagot si Jesus at sa kanila’y sinabi, Gibain ninyo ang templong ito, at aking itatayo sa tatlong araw.
- **Mga Gawa 10:40**, Siya’y muling binuhay ng Dios nang ikatlong araw, at siya’y itinalagang mahayag.
- **1 Corinto 15:4**, At siya’y inilibing; at siya’y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan....

Magtapatan tayo! Wala tayong makikita pagsasalungatan dito. Ang Kasulatan ay di mababali (Juan 10:35). Matapos nating tipunin at ikumpara ang bawa’t kasulatan ay darating tayo ang isang tamang konklusyon; na si Cristo ay nabuhay na maguli sa mga patay matapos ang 3 araw sa libingan o eksaktong 3 araw at 3 gabi o eksaktong 72 oras! Di kukulangin at di rin hihigit pa roon! Kung Siya’y mabuhay ng mas maaga o mas huli sa sinabi Niya, wala tayong tagapagligtas, dahil ang tanging tanda na kanyang binigay na paulit ulit ay di natupad!

Ang kasulatan ang nagpatunay mismo na si Cristo ay nasa libingan ng buong oras na sinabi Niya. Isang anghel ang nagpatunay bago magbukang liwayway sa Mateo 28:1, “*Wala Siya rito sapagkat Siya’y nabuhay na muli, tulad ng kanyang sinabi. Halikayo at masdan ang lugar kung saan inihiga ang Panginoon*” (v6). Kinumpirma rin ito ni Pablo nang sinabi niya, “*Na ipinaalam ko sa inyo una sa lahat ang mga bagay na aking tinanggap kung paanong si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan ayon sa kasulatan, at Siya’y inilibing at muling nabuhay sa ikatlong araw ayon sa kasulatan*” (1 Corinto 15:3-4) Ang mga patunay ay may katuparan na matapos mamatay ni Cristo dahil sa ating mga kasalanan, nabuhay Siyang muli ng ikatlong araw para sa pagbibigay-katarungan sa atin ayon sa kasulatan (Roma 4:25).

Susi na Magpapaunawa: Gaano katagal o kahaba ang isang ‘Biblical Day’?

Ang susi upang lubos na maunawaan ang pagkakasunod-sunod na pangyayari sa linggo ng pagkapako kay Jesus ay nakakabit sa salita ‘day’ o araw. Marami ang di nakauunawa kung paano sinusukat sa biblia ang isang araw. May nakikipagtalo at sinasabing walang kaibahan ito kung nagkamali si Jesus! Lahat ng sinabi ni Jesus ay mahalaga. Ang usapin dito ay higit na malalim kaysa sa inaakala ng iba. Kinakailangan na ang bawat propesiya ng Mesias ay matupad tungkol sa kanyang buhay at kamatayan. Kung hindi Niya matutupad ang lahat ng ito, paanong masasabi na Siya nga ang tunay na Mesias?

Pansinin natin kung paano binibilang ng Dios ang isang araw sa biblia. Sa Genesis 1:5, “... *at lumipas ang gabi at sumapit ang umaga ang unang araw.*” at sa Genesis 1:8, “... *lumipas ang gabi at sumapit ang umaga ang ikalawang araw.*” Gayon din ang mababasa sa v19, 23, at 31. Sa paglikha, ang bawat isang araw ay ito ang katumbas: ***lumipas ang gabi at sumapit ang umaga.*** Magpahanggang ngayon, ang mga Judio ay binibilang ang ‘sunset’ o paglubog ng araw bilang umpisa at pagtatapos ng araw. Ang ‘*Hebrew day*’ ay nagsisimula at natatapos sa ‘*sunset*’ o paglubog ng araw, hindi sa kalagitnaan ng gabi gamit ang orasang gawa ng tao.

May mas lilinaw pa ba rito? Ang Dios ay pinakilala ang araw o umaga bilang *maliwanag na bahagi* ng 24 na oras, at ang gabi ay ang *madilim na bahagi* ng parehong 24 oras na nabanggit. Kinumpirma ni Cristo sa Juan 11:9, “*Hindi бага ang araw ay may labindalawang oras...*” Tama, at gayundin may 12 oras sa gabi—na bumubuo ng 24 oras o isang buong araw.

Di mapapasubalian na alam ni Jesus na ang buong 12 oras sa gabi at ang 12 oras sa umaga ay isang buong araw. Ang mga Hebreo ay gumagamit ang ganitong sistema ng pagbibilang ng araw libong taon na at magpahanggang ngayon. Kung gayon, di ito pagkakamali—ang kasulatan ang magpaliwanag sa kasulatan—ipinakilala ng biblia na ang Dios ay tinuturing ang isang araw bilang isang gabi at isang umaga hindi nagsisimula sa kalagitnaan ng gabi tulad ng nakagawian ng tao.

Ito ba’y isang ‘Greek Idiom’ lamang?

Nakakagulat na maraming kritiko ang nagsasabi na nagkamali si Jesus. Upang maitatag lang ang kanilang paniniwala ‘*Good Friday-Easter Sunday*’ na tradisyon, pilit binabaluktot ang kasulatan para pasinungalingan ang tunay na sinasabi nito at iyon sa kanilang itinuturo. Sinasabi nila na dahil ang bagong tipan ay nasulat sa Griyego, ang 3 araw at 3 gabi ay ‘*Greek idiom*’ lamang—na pwedeng mabilang ang kahit oras ng araw bilang isang buong araw. Nakaisip sila ng palusot sa paggamit ng ‘*greek idiom*’ ng di na mangangailangan ng paliwanag pa—hindi man nila alam kung ano ang ‘*idiom*’. Ang ‘*idiom*’ ay grupo ng salita kung saan ang tunay na kahulugan nito ay di makikita sa kahulugan ng mga salitang bumubuo dito. Tulad nito ay ang sumusunod ‘makakating dila’, ‘malikot ang kamay’, ‘anak pawis’ at marami pa.

Si Hank Hanegraaff ay minsang naisulat na “*si Jesus ay namatay ng Biyernes at nabuhay muli ng linggo ng umaga*”. Mapupuna na sinimulan niya ito sa pagpapalagay na ang ‘*Good Friday-Easter Sunday*’ na tradisyon ay totoo. Patuloy niyang sinabi “*Ang di matatakasang konklusyon na si Cristo ay literal na patay sa loob ng 2 gabi at bahagi ng 3 umaga—hindi hihigit ng 60 oras, Ngayon, ang tunay na problema ay marami sa atin ang di pamilyar sa ‘Jewish idiomatic ways of speaking’.*”

Ang ‘*greek idiom*’ ay maaaring sapat na sa mga taong gustong patuloy paniwalaan ito, subalit di nito pinaliliwanag ang sinabi ni Jesus “*Kung paano si Jonah ay 3 araw at 3 gabi sa tiyan ng malaking balyena, gayun din naman ang Anak ng tao ay 3 araw at 3 gabi sa ilalim ng lupa*” (Mateo 12:40). Ang ‘*Aramaic*’ ay salitang Hebreo natutunan ng mga Judio nuong sakupin sila ng Babylonia, na ginamit din ni Cristo sa kanyang mga alagad at di ang salitang ‘*Greek*’. Isa pa, ang aklat ni Jonah na tinukoy ni Jesus ay naisulat sa ‘*Hebrew*’, sa ganito’y tuwirang nabasura ang ‘*greek idiom*’ na pinanghahawakan ng marami!

Nagkamali ba si Cristo?

Totoo ba sinasabi ni Jesus na mananatili Siya ng 3 araw at 3 gabi sa ilalim ng lupa? Mahalaga ba ito? Kasinungalingan ba ito o naguguluhan lamang siya o isang pagkakamali? Ayon sa ‘*Jewish Law*’, ang isang tao ay di mabilang na patay hanggang di umaabot ng 3 araw! Kung gayon, lubhang mahalaga na si Cristo ay manatili sa ilalim ng lupa sa eksaktong 3 araw at 3 gabi, kundi, di siya matatawag na patay na talaga.

Sinabi ni Jesus sa Pahayag 1:18, *'Namatay ako ngunit tingnan mo, ako'y buhay ngayon at mananatiling buhay magpakailanman. Nasa ilalim ng aking kapangyarihan ang kamatayan at ang daigdig ng mga patay.'* Kung si Cristo ay nagkamali sa ganitong kahalagang bagay, paano natin Siya paniniwalaan sa mga sinasabi Niya? Sa ganito'y nakataya ang reputasyon Niya, di dapat magkamali si Jesus tungkol sa tandang ito!

Subalit itinatatwa naman ito ng mga tradisyunal na kristiano, inaalís ang tanging tanda na binigay ni Jesus na nagpapatunay ng kanyang pagiging Mesias! Marami ang nagtuturo maging sa mga kabataan na si Cristo ay naipako sa Biyernes Santo at nabuhay muli ng Linggo ng Pagkabuhay na lubhang tumatak sa mga tao. Ito pa minsan ang pinagmumulan ng pagtatalo at kinakatwiran na lang na *"misteryo ito, tanggapin na lang natin ito ng may pananampalataya"* na kabaligtaran ng sinabi ng Biblia, *"Subukin ang lahat ng mga bagay, gawin ang mabuti o tama"* (1 Tesalonica 5:21)

Ang Pagkapako Naganap Bago mag-Sabbath—Anong Sabbath Iyon?

Lingid sa kaalaman ng marami, may higit sa isang Sabbath sa isang linggo ng pagkapako ni Jesus. Ang lingguhang Sabbath ay ang ika-7 araw ng isang linggo, na tinatawag nating Sabado. Yung mga di pamilyar sa *'Hebrew Calendar at God's Holy Days'* ay inaakala na laging may isang Sabbath lang sa isang linggo. Ang kasulatan ay ipinahahayag na may 2 klase ng Sabbaths; ang linguhan, at ang taunang Sabbath—na minsan'y tinatawag na 'High Sabbaths'. Ang *'High Sabbath'* ay maaaring maganap anomang araw ng isang linggo (maliban sa *'Pentecost'* na laging sa linggo natatapat). Kapag ang *'Holy Day'* ay natapat sa Sabado o linguhang Sabbath, ang espesyal na pagdiriwang ng *'Holy Day'* ang dapat manguna, sa ganito'y maaari ngang magkaroon ng 2 sabbaths sa isang linggo. At gayon ang nangyari sa panahon ng pagkapako ni Cristo. At dahil maaaring may 2 Sabbaths sa isang lingo, may dalawang araw rin ng paghahanda. Dahil dito ang marami, na di nakaalam ng kasulatan, ay lubhang naguguluhan.

Ginawa ng Dios ang *'7 Annual Sabbaths o High Days'* upang isalarawan ang kanyang plano ng pagliligtas. Ito ay mababasa lahat sa Levitico 23. Kung wala ang pagkaunawa sa *'Holy Days'* o mga banal na araw ng Dios, wala sinuman ang may kahit katiting na ideya sa ginagawa ng Dios sa mundong ito.

Ito ang buod ng taunang pista o *'Annual Festivals'* at ang malalim na kahulugan nito sa tunay na Kristiyano.

Ang Paskua o *Passover* ay naglalarawan ng sakripisyo ni Jesus, nang ipinasan Niya ang ating mga kasalanan at tinanggap ang kaparusahang kamatayan para sa atin. Ang *Days of Unleavened Bread* o tinapay na walang lebadura ay nagpapaalala sa 'tin ng pang habambuhay na pag-aalis ng kasalanan sa ating buhay. Ang *'leaven'* o lebadura ay tulad ng kasalanan at ang pagkain ng *Unleavened Bread* ay ang pagtanggap kay Cristo sa ating kalooban. Ang *Pentecost* naman ay pinaaalala ang kaarawan ng 'New Testament Church' matapos tumanggap ng Banal na Espiritu at ang pag-aani ng mga unang bunga o *'firstfruits'* sa pamilya ng Dios.

Ang *Feast of Trumpets* ay nagpapahayag ng Ikalawang pagbabalik ni Jesucristo sa mundo at ang pagkabuhay muli ng mga banal sa buhay na walang hanggan. Ang *Day of Atonement* o araw ng Pagtubos ay naglalarawan ang pagsisisi ng mga tao, at ang paggapos kay Satan, at ang pag-hahari ni Cristo ng 1000 taon sa mundo ay sinasagisag naman sa *Feast of Tabernacles*. At pinakahuli, Ang *Last Great Day* naman ay sumasagisag sa *'Great White Throne Judgment'* kung saan ang iba pang nanatiling patay (Pahayag 20:5)—yung di nakasama sa unang pagkabuhay, kasama yaong di kailan man nakarinig sa pangalan ni Jesucristo, *ang tanging pangalang ibinigay sa silong ng langit na sukat ikaligtas ng tao*, (Mga Gawa 4:12)—ay magkakaroon ng una at tanging pagkakataon para sa kaligtasan (humingi ng aming lib्रेng babasahin hinggil sa *'God's Seasonal Plan'* para sa malalim na kaalaman sa paksang ito).

Ano ang Araw ng Paghahanda? (Preparation Day)

Itinuro ng Dios sa Israel kung paano maghahanda ng maaga para sa Sabbath, bago sila makarating ng Bundok Sinai (Exodo 16:23), ang Araw ng Paghahanda ay ang araw bago sumapit ang Sabbath, ito man ay linguhan o taunang sabbath; dapat nating paghandaan. Ang apat na manunulat ng Ebanghelyo (Marcos, Mateo, Juan at Lucas) ay tiniyak na si Cristo ay nilitis, nahatulan, pinako at inilibing sa *Araw ng Paghahanda*. Alam ng karamihan na ang mga Judio ay nagsa-Sabbath tuwing araw ng Sabado at marami na matapos mabasa ang susunod na talata ay aakalain na ang Araw ng Paghahanda ay Biyernes, ang araw bago ang linguhang Sabbath.

Sinabi ni Jesus sa kanyang alagad, *"Batid ninyo na pagkaraan ng dalawang araw ay darating na ang Paskua, at ibibigay ang Anak ng tao upang ipako sa krus."* (Mateo 26:2). Ito ay pinatunayan din ni Pablo sa 1 Corinto 5:7, *"Sapagkat ang kordero ng ating Paskua ay naihain na, Samakatuwid baga'y si Cristo."* Ayon sa kasaysayan, ang Pista ng Paskua o

Passover at *Feast of Unleavened Bread* ay tinawag sa isang pangalan '**Passover**' bago pa man sa panahon ni Jesus na lalong nagdulot ng kalituhan sa mga '*non-Jews*'.

Nilinaw naman ni Juan ito; (Juan 19:31) *Ang mga Judio nga. Sapagkat noo'y paghahanda, upang ang mga katawang ay huwag matira sa krus sa sabbath (sapagkat dakila ang araw ng sabbath na yaon) hiniling nila kay Pilato na baliin na ang mga hita at alisin na ang mga katawan.*"

Sa nasabing talata, malinaw na sinabi na ang pagdating na sabbath ay dakilang sabbath o '*High Sabbath*'. Ang nakatalagang oras ng '*Passover*' ay sa ika-14 araw ng buwan ng Nisan sa Hebreo kalendaryo. Ang '*High* o *Annual Sabbath*'—ang unang araw ng '*Feast of Unleavened Bread*'—ay ang kasunod na araw—ika 15 araw ng Nisan (Levitico 23:5-6). Ang Sabbath na sumunod sa *Passover* ay ang unang araw ng *Feast of Unleavened Bread*, ang *Annual High Day*.

Base lamang sa inpormasyong ito—na si Cristo ay pinatay sa araw ng paghahanda (Juan 19:14) at ang di pagkaalam na ito ay 'annual o high sabbath'—ay nagtulak sa marami na **akalain na ang pagpako kay Jesus ay naganap ng Biyernes**, ang araw ng paghahanda sa linguhan sabbath. **Ito ay maling konklusyon.**

Ang '*Passover*' ay di lamang kapistahan kundi isa ring paghahanda para sa unang araw ng Pista ng Tinapay na walang lebadura o '*Unleavened Bread*', ang taunang sabbath. Malinaw na ang ating tagapagligtas ay naipako sa araw ng '*Passover*' o Paskua, Nisan 14 na naging Araw ng Paghahanda para sa unang araw ng '*Unleavened Bread*'. Sa batas ng Judio, ang katawan ng ipinako ay di marapat manatili sa tulos ng kahoy o krus sa araw ng sabbath. Idagdag pa na maging ang patay ay kailangan din mailibing bago magsimula ang sabbath! "*Ang mga pangulong saserdote at ang mga matatanda sa bayan ay nagtipon sa looban ng dakilang saserdote na si Caifas, at sila'y nagsanggunian upang hulihin si Jesus sa pamamagitan ng daya, at siya'y papatayin. Datapuwat sinabi nila, huwag sa kapistahan baka magkagulo sa bayan.*" (Mateo 26:3-5). May pinangangalagaang reputasyon ang mga mapagmataas na Pariseo!

Sa Deut. 21:22-23, sinasabing ang kriminal na pinarusahan ng kamatayan ay dapat ilibing bago magdilim. Gayon din naman sa batas ng Judio, ang lahat ng patay na katawan ay dapat mailibing bago sumapit ang sabbath o pista (Juan 19:31). Ang kamatayan sa krus ay maaaring ang pinakamalupit at kalunos-lunos na kamatayan na magagawa ng tao. Ito ay ipinapataw ng mga Romano sa mga alipin at pinakamasamang kriminal. Ito rin ay de-hebreong paraan ng pagpaparusa, at ang katawan ay di iniwan sa kahoy sa araw ng sabbath para mabulok o kainin ng mga uwak. Dapat itong mailibing sa araw ding yun dahil ang mainit na klima ay magpapabilis ng paglobo at pagkabulok ng bangkay, na magpapabaho sa hangin, at ang nakatiwangwang na bangkay ay nagdadala ng karumihan sa buong lupain ng Israel.

Ang mga Eskriba at Pariseo na kilalang mga hipokrito o mapagpanggap, ay nakatuon lamang sa maliliit na bagay tulad ng pag-aalis ng bangkay sa krus bago magdilim subalit di alintana ang pinakamalaking kasalanan ginawa sa pagpatay at pagpapahirap kay Jesus na di man lang nabagabag o nag-alinlangan! Upang istriktong maipatupad ang alituntunin nila sa Sabbath, maingat nilang iniwasan ang panlabas na pagkakasala subalit walang pasubali sa paggawa ng karimarimarim na krimen, ang pagkitil ng buhay ng inosenteng tao!

Mga Paraan ng Pagpaparusa

May Apat na paraan ang ginagamit na pagpaparusa noon sa Israel; Pagbato (Exodo 17:4; Deuteronomio 13:10), Pagsunog (Levitico 20:14; 21:9), sa Espada (Exodo 32:27) at Pagsakal. Ang huli, di man nabanggit sa kasulatan at itinuring na pangkaraniwan ng mga *rabbis* o tagapagturo at pinakamainam na gawin lalot walang nagpapairal ng batas. Ang pagbitin sa krus, sa puno o sa tulos ng kahoy ay di ginagamit para kitlin ang buhay pero minsan ay idinaragdag matapos mamatay upang magdagdag ng parusa. Ang panadero ng Pharaoh (Genesis 40:19) ay ibinitin matapos patayin sa espada, at kahalintulad din, ng ginawa ni Joshua sa limang hari na nakipagdigma sa Gibeon (Josue 10:26), ikumpara rin sa Mga Bilang 25:4.

Karaniwang binabalian ng mga binti ang pinarusahan sa krus upang pabilisin ang kamatayan nito at di na magtagal sa pagkakasabit lalo na sa sabbath, linguhan at taunan man. Ang kalakaran at kaugaliang ito ay nasira upang matupad ang isang propesiya na "Ni isa mang buto niya'y hindi mababali" (Juan 19:36)

'Greek Idiom'

Kahit pa bilangin natin ang mga bahagi ng araw bilang buong araw, alinsunod sa teoriya na 'Greek idiom', ang *Biyernes Santo* at *Linggo ng Pagkabuhay* na tradisyon ay di rin papasa sa 72 oras o tatlong araw at tatlong gabi na sinabi ni Jesus.

Biyernes ng Umaga	Unang Umaga	12 oras
Biyernes ng Gabi	Unang Gabi	12 oras
Sabado ng Umaga	Ikalawang Umaga	12 oras
Sabado ng Gabi	Ikalawang Gabi	12 oras
Linggo ng Umaga	Ikatlong Umaga	12 oras
		60 oras

Malinaw sa paglalarawang ito na ang 72 oras—3 araw at 3 gabi—ay di maaaring makatumbas sa *Biyernes Santo at Linggo ng Pagkabuhay* na tradisyon na may 60 oras—o 3 araw at 2 gabi lamang. Sa ginawang pagbilang pa lang na ito, ang *Easter* ay nahayag na isang panlilinlang.

Katotohanan ng Biblia o Tradisyon ng Tao?

Ipinapayo ng kasulatan na ‘*Saliksikin ang Kasulatan*’ (Juan 5:39) at ‘*Subukin ang lahat ng bagay*’ (1 Tesalonica 5:21). Nanalangin si Jesus sa Ama, ‘*Ako’y nagpapasalamat sa iyo, O Ama, Panginoon ng langit at lupa, na iyong inilihim ito sa mga pantas at matatalino at ipinahayag mo sa mga sanggol*’ (Lucas 10:21).

Ano ang katibayan mayroon ang mga ‘pantas at matatalino’ hinggil sa kanilang paniniwalang ‘Biyernes Santo-Linggo ng Pagkabuhay’ na tradisyon? Ang totoo’y wala ni isa! Ang ganitong tradisyon ay mula sa paganong ritwal na nagkukubli sa kristianismo. Saliksikin maging sa mga katiwa-tiwalang babasahin o *encyclopedia*. Hindi papayagan ni Jesus na ang kanyang mga alagad ay sasamba sa kanya gamit ang simbolo ng sex, malalasang pananalita, o ‘*fertility symbols*’ tulad ng kuneho at mga makulay na itlog.

Pakaisipin kung ano ang kaugnayan ng mga kuneho, makukulay na itlog at maging ang patani sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus? WALA KAHIT ANO! Ito ang mula sa matandang Babylon ‘*fertility rites*’ at **pagsamba sa araw**. Di nakapagtataka na sinabi ng Dios sa Israel ‘Huwag kayong matututo sa mga lakad o gawi ng mga bansa’ (Jeremias 10:2, tingnan din Deuteronomio 12:30-31, at Ezekiel 8:13-15). Ang ganitong tradisyon ay nararapat lamang na talikuran; ito’y nabibilang sa pandaraya ni Satanas sa mga tao!

May 100 taon na matapos mamatay ni Apostol Juan na ang ‘Easter’ na tradisyon nagumpisang magka-ugat at kumalat sa Iglesia. Bago ang A.D. 325, ang ‘*Easter*’ ay may ibat ibang klase ng pagdiriwang at sa magkakaibang araw din ng isang linggo kabilang ang Biyernes, Sabado at Linggo. Sa ganito ring panahon, si Emperor Constantine ay nagtatag ng ‘Council of Nicaea’. Ito ang naglabas ng batas sa Easter na dapat itong ipagdiwang sa unang Linggo ng umaga na nangyayari matapos ng unang ‘full moon’. (Marapat na humingi ng aming librenge babasahin, *Should Christians Observe Easter?*, upang lubos na maunawaan ang nasabing paksa.)

Anong Oras Nailibing si Cristo?

Ang kaalaman ng oras ng paglibing kay Jesus ay ang susi para malaman din ang oras ng kanyang muling pagkabuhay. Anomang oras Siya nailibing, ang pagdaan ng 72 oras ay magdadala sa atin ng eksaktong oras na Siya’y muling nabuhay, pagkatapos ng 3 araw at 3 gabi. Sa sandaling maunawaan natin ito, maaari na nating isantabi ang paniniwala sa Biyernes Santo-Linggo ng Pagkabuhay kung ano ito—**isang paganong kapulungan itinatag para sa layuning politikal**.

Anong oras ng isang araw binuhay muli si Cristo? Ang tradisyong Linggo ng pagkabuhay ba ay may basehan dito? Kung magtitiwala tayo sa kasulatan ng higit sa tradisyon ng tao, malalaman natin na wala itong basehan kahit ano man.

Si Mateo, Marcos, at Lucas ay tiyak sa eksaktong oras si Jesus ay namatay, si Juan lamang ang nagtala ng oras ng kanyang pagkapako. Si Lucas naman ang Nagbigay ng pinakamalamang ulat: ‘*Nang magtatanghaling tapat na hanggang ikatlo ng hapon, nagdilim sa buong lupain. Nawalan ng liwanag ang araw at ang tabing sa templo’y napunit sa gitna. Sumigaw ng malakas si Jesus “Ama, sa mga kamay mo ipinagkakatiwala ko ang aking espiritu”, at pagkasabi nito ay nalagot ang kanyang hininga*’ (Lucas 23:44-46).

Nanatili si Jesus sa tulos ng kahoy tatlong oras bago siya mamatay. (Marcos 15:34,39; Mateo 27:46,50). Dahil sila'y gumagamit ng hebreong paraan ng pagbilang ng oras sa isang araw mula sa pagsikat ng araw, malalaman natin na si Jesus ay naipako ng tanghali at namatay ng ika-3 ng hapon (3PM).

Sa Marcos 15:43–46 ay sinabi, “*Nang dumidilim na, Dumating si Jose na taga Arimathea, isang iginagalang na kasapi ng Sanhedrin. Siya rin ay naghihintay na maghari ang Dios. Dahil iyon ay araw ng Paghahanda, naglakas loob siyang lumapit kay Pilato upang hingin ang bangkay ni Jesus. Nagtaka si Pilato nang marinig na patay na si Jesus, pumayag siyang kunin ni Jose ang bangkay. Ibinaba mula sa krus ang bangkay ni Jesus at binalot ng telang lino na binili ni Jose. Pagkatapos, inilagay ito sa isang libingang hinukay sa bato, at iginulong ni Jose ang malaking bato sa pintuan ng libingan.*”

Punahin natin ang ilang mahahalagang bagay. Magsisimula na ang pag-gabi at si Jose ay naroon na kulang-kulang tatlong oras bago lumubog ang araw, bago magsimula ang Sabbath. Habang nag-aantay ng pagtitiyak ng opisyal ng Romano, ang pagkuha, paghahanda at paglalagay ng pabango sa paglilibing ay mag-titira na lamang ng konting liwanag sa Miyerkules na yaon para kay Jose at Nicodemus upang tuluyan pagulungin ang bato pabalik sa bukana ng libingan. Ang ganito ay uubos ng maraming oras, bagay na pinagbabawal kapag sabbath (Exodo 20:8–10). Ang lahat ng pangyayaring ito, muli ay nagkakaisa; ang paglubog ng araw ay nalalapit na (Mateo 27:57; Marcos 15:42; Lucas 23:54; Juan 19:31).

Walang sinuman ang makatatanggi na si Jesus ay nailibing sa ilalim ng lupa bago lumubog ang araw. Ito ay batas ng Judio! Ngayon kung si Cristo ay nasa libingan ng eksaktong 72 oras, Siya rin ay nabuhay maguli paglubog ng araw, **hindi madaling araw ng Linggo ng Pagkabuhay!**

Ang Araw ng Paghahanda para sa Taunang Sabbath

Kinumpirma ng apat na manunulat ng ebanghelyo na si Jesus ay nilitis, hinatulan, ipinako at nailibing sa Araw ng Paghahanda. Kung di ito susuriin, maipagkakamali na ang pagpako kay Jesus ay nangyari ng Biyernes, bago maglingguhang sabbath. Ganun pa man, sinasabi sa kasulatan na mga may araw ng Paghahanda rin para sa Taunang Sabbaths o *‘Holy Days’*.

Subalit anong Sabbath ang binabanggit dito, ang lingguhang Sabbath ba o ang taunang Sabbath o *‘High Sabbath’*? Hayaang ang biblia ang sumagot!

Nakita natin na si Jesus ay ipinako noong Pista ng Paskua o *‘Passover Day’*, Nisan 14 at ang sumunod na araw ay Pista ng *‘Unleavened Bread’*, isang taunang Sabbath o *‘High Sabbath’*, na pinagtibay ng sinabi ni Pablo sa 1 Corinto 5:7, “Sapagkat naihandog na ang ating Korderong Pampaskua na walang iba kundi si Cristo.”

Bawat taon tuwing nalalapit na ang *‘Easter’* o Mahal na araw, ang mga simbahan ay nagpapahayag na ‘Siya’y nabuhay na maguli!’ Subalit tulad ng madalas gawin, ito ay kinukuha hindi sa buong nilalaman nito. Kailangan natin suriin ang tatlong pangyayari bago natin tanggapin agad ang ganitong tradisyon.

Ang tatlong ebanghelyo nina Marcos, Lucas at Mateo ay naisulat na si Jose at Nicodemus ay may mga saksi habang inihahanda ang katawan ni Jesus. *‘At ang mga kababaihan na nagsisama sa kanya mula sa Galilea, ay nagsisunod, at tiningnan ang libingan at kung paano ang pagkalagay ng kaniyang bangkay.’* (Lucas 23:55)

Mababasa rin natin, *‘At nang makaraan ang sabbath, si Maria Magdalena, at si Mariang ina ni Santiago, at si Salome, ay nagsilbi ng mga pabango upang sila’y magsiparoon at siya’y pahiran.’* (Marcos 16:1)

Pakaisipin, kung si Jose ay may kakaunting oras na lamang upang ilibing ang katawan ni Jesus bago ang paglubog ng araw, gaano karaming oras pa ang kailangan ng kababaihan upang magtungo sa bayan, bumili ng pabango, umuwi sa bahay at ihanda ang mga iyon at magbalik sa libingan para pahiran Siya—lahat ito bago lumubog ang araw?

Ang nagkakasundong pangyayari ay nagpapakita na nang kinuha ni Jose si Jesus pababa sa krus, ang mga kababaihang nabanggit ay nagsisunod upang makita ang paglalagyan ng katawan. Sila’y bumalik sa kani-kanilang tahanan at nagdiwang ng *‘High Sabbath’*, ang unang araw ng Pista ng *‘Unleavened Bread’*. Nang sumunod na araw matapos ang high sabbath, nagtungo sila sa tindahan, (na siguradong sarado noong high Sabbath), para bumili ng pabango at langis, bumalik sa kanilang bahay upang Ihanda para gamitin sa katawan ni Jesus *‘at sila’y nagpahinga ng Sabbath (lingguhang sabbath) alinsunod sa kautusan’* (Lucas 23:56)

Ang mga Punong saserdote at Pariseo taglay ang takot at determinasyon upang maglagay ng tagabantay ng libingan sa loob ng tatlong araw ay nagpapatunay na HINDI sinabi ni Cristo na mananatili lamang Siya roon ng 2 gabi at isang araw, *kundi tatlong araw at tatlong gabi!* Nang ipinaalala ang sinabing ito sa mga Romano ng mga nagplano ng Kanyang

kamatayan sa krus, ang kanyang libingan ay di lamang sinarado, bagkus nag-iwan ng ilang sundalong Romano upang magbantay roon!

'Nang kinabukasan nga, na siyang araw pagkatapos ng Paghahanda, ay nangagkatipon kay Pilato ang mga pangulong saserdote at ang mga Pariseo, Na nagsisipagsabi, Ginoo, naaalaala namin na sinabi ng magdarayang yaon nang nabubuhay pa, Pagkaraan ng tatlong araw ay magbabangon akong muli. Ipagutos mo nga na ingatan ang libingan hanggang sa ikatlong araw, baka sakaling magsiparoon ang kaniyang mga alagad at siya'y nakawin, at sabihin sa bayan, Siya'y nagbangon sa gitna ng mga patay: at lalong sasama ang huling kamalian. Sinabi sa kanila ni Pilato, Mayroon kayong bantay: magsiparoon kayo, inyong ingatan ayon sa inyong makakaya. (Mateo 27:62–65)

Kailan Nabuhay Maguli si Cristo?

Ipinakikita ng kasulatan na bago Siya mamatay, si Jesus ay sumigaw sa malakas na tinig sa Dios Ama halos mag-aalas tres ng hapon (*ninth hour*).

'At nang malapit na ang oras na ikasiyam ay sumigaw si Jesus ng malakas na tinig, na sinasabi: Eli, Eli, lama sabachthani? sa makatuwid baga'y, Dios ko, Dios ko bakit mo ako pinabayaan? At nang marinig ito ng ilan sa nangakatayo roon, ay sinabi, Tinatawag ng taong ito si Elias. At pagkaraka'y tumakbo ang isa sa kanila, at kumuha ng isang espongha, at binasa ng suka, saka inilagay sa isang tambo, at ipinainom sa kaniya. At sinabi ng mga iba, Pabayaang ninyo; tingnan natin kung paririto si Elias upang siya'y iligtas. At muling sumigaw si Jesus ng malakas na tinig, at nalagot ang kaniyang hininga.' (Mateo 27:46-50; tingnan din ang Marcos 15:34-37; Lucas 23:44-46)

Sa kaalamang si Cristo ay nanatili sa ilalim ng lupa sa loob ng 72 oras, upang malaman ang eksaktong oras nabuhay sa mga patay si Cristo, nararapat na malaman ang eksaktong oras nung Siya'y ilibing.

Ano ang talagang Nangyari ng Linggo ng Umaga?

Pansinin natin ang pahayag ni Lucas hinggil sa pagkabuhay muli. *“Datapuwat nang unang araw ng sanglinggo, pagkaumagang-umaga, ay nagtungo sila sa libingan, dala ang mga pabango na kanilang inihanda. At nakita nilang naigulong na ang bato mula sa libingan. At sila'y nagsipasok, at hindi nila nakita ang bangkay ng Panginoong Jesus. At nangyari, na samantalang sila'y nagtitilihan dahil dito, narito, tumayo sa tabi nila ang dalawang lalake na nakasisilaw ang mga damit: At nang sila'y natatakot at nakatungo ang kanilang mga mukha sa lupa ay sinabi nila sa kanila, Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay? Wala siya rito, datapuwa't nagbangon: alalahanin ninyo ang salita niya sa inyo nang siya'y nasa Galilea pa, Na sinasabi, Kinakailangan na ang Anak ng tao ay ibigay sa mga kamay ng mga taong makasalanan, at ipako sa krus, at magbangong muli sa ikatlong araw”* (Lucas 24:1-7). Walang nangyaring pagkabuhay maguli ng Linggong iyon—**Siya'y nabuhay sa mga patay ng Sabado ng gabi paglubog ng araw!**

Ngayon naman ay lumipat tayo sa Juan 20:1-9, *'Nang unang araw nga ng sanglinggo ay naparoon maaga sa libingan si Maria Magdalena, samantalang madilim pa, at nakita ang bato na naalis na sa libingan. Tumakbo nga siya, at naparoon kay Simon Pedro, at sa isang alagad na iniibig ni Jesus, at sa kanila'y sinabi, Kinuha nila sa libingan ang Panginoon, at hindi namin maalaman kung saan nila siya inilagay. Umalis nga si Pedro, at ang isang alagad, at nagsitungo sa libingan. At sila'y kapwa tumakbong magkasama: at ang isang alagad ay tumakbong matulin kay sa kay Pedro, at dumating na una sa libingan; At nang kaniyang tingnan ang loob, ay nakita niyang nangakalatag ang mga kayong lino; gayon ma'y hindi siya pumasok sa loob. Dumating naman nga si Simon Pedro, na sumusunod sa kaniya, at pumasok sa libingan; at nakita niyang nangakalatag ang mga kayong lino, At ang panyo na nasa kaniyang ulo, ay hindi kasamang nakalatag ng mga kayong lino, kundi bukod na natitiklop sa isang tabi. Nang magkagayo'y pumasok din naman nga ang isang alagad, na unang dumating sa libingan, at siya'y nakakita at sumampalataya. Sapagka't hindi pa nila napaguunawa ang kasulatan, na kinakailangang siya'y muling magbangon sa mga patay.'* (Juan 20:1-9)

Mapupuna na walang nabanggit na muling pagkabuhay pagsikat ng araw dito! Sinasabi ng kasulatan na mag-uumaga pa lang noon habang *madilim pa ang paligid*—bago sumikat ang araw. Ang bato'y naalis na at ang libingan ay wala ng laman. *“Wala Siya dito, Siya'y nabuhay maguli.”* Siyanga! Nakita natin na si Cristo ay inilibing ng hapon, ilang oras bago lumubog ang araw sa 'Araw ng Paghahanda'. Nanatili Siyang patay sa libingan eksaktong 72 oras. Kung bibilangin natin pabalik, makikita natin na maaring si Jesus ay nailagay sa libingan ng MIYERKULES NG HAPON!

Kung bibilangin pasulong, makikita sa ibaba ang araw at gabi na inilagi Niya sa libingan.

Miyerkules	sunset	Unang gabi		High Sabbath (1st day of unleavened bread)
Huwebes	sunrise		Unang Araw	
Huwebes	sunset	Ikalawang gabi		
Biyernes	sunrise		Ikalawang Araw	
Biyernes	sunset	ikatlong gabi		weekly Sabbath
Sabado	sunrise		ikatlong Araw	
Sabado	Sunset		Araw	

Nang Dumating ang mga kababaihan sa libingan, Si Cristo ay nabuhay na sa mga patay higit 12 oras na, sa katapusan ng Sabbath! Kung talagang gustong ipangilin ng tao ang oras ng kanyang pagkabuhay muli, nararapat lang na gawin ito sa Sabado, ang Sabbath!

Ilang Sabbaths mayroon ang Linggo ng Paskua noon?

Ang tanging paraan upang mapagkasundo ang mga pangyayari ay sa pagkilala na mayroong dalawang Sabbaths na nakapaloob sa 72 oras na yaon!

Ang mga babaeng ito ay bumili at naghanda ng mga pabango ‘makalipas ang Sabbath’ at ‘namahinga muli ng Sabbath’! Namahinga sila ng 2 beses: isa ay nung ‘*High Day o High Sabbath*’ at ang isa ay nang linguhang Sabbath!

Nangangahulugan lang nito na si Cristo ay ipinako at inilibing ng **Miyerkules**. Ang ‘high day’—ang unang araw ng Tinapay na walang Libadura (Unleavened Bread)—na natapat sa araw ng **Huwebes**. Sarado ang mga tindahan ng araw na iyon. Inihanda ng mga kababaihan ang pabango ng **Biyernes**, at ang ating Tagapagligtas ay nabuhay maguli nang **Sabado** o linguhang Sabbath bago matapos ang araw! Ang mga pangyayaring ito ay di maaaring pasinungalingan pagkat ang ebidensya ay malinaw na nasa kasulatan!

Samakatuwid, ginawa ni Jesus ang eksaktong sinabi Niya. Siya’y tatlong buong gabi (Miyerkules, Huwebes, at Biyernes) at tatlong buong araw (Huwebes, Biyernes at Sabado) sa ilalim ng lupa.

Pagwawakas

Si Cristo ba ay namatay sa araw ng Biyernes at nabuhay mag-uli ng araw ng Linggo? HINDI! Ang inaakalang ‘misteryo’ ng 3 araw at 3 gabi ay di na misteryo ngayon. Ang mga may akda ng apat na ebanghelyo, mga mapagkakatiwalaang tao ay nagpatunay sa atin, sa pagbibigay ng tama at mahusay na pagkakasunod sunod ng pangyayari ng nasabing mga araw na iyon; ang buhay, kamatayan at muling pagkabuhay ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Binigay nila ang lahat ng piraso ng ‘puzzle’ na kailangan natin para mabuo ang malinaw at tamang larawan ng mga pangyayari.


Ang mga pagkakasunod-sunod ng pangyayari na ating nabuong muli ay isa lamang detalye ng mas malaki pang katotohanan. Di lang paglalarawan ito ng Totoong kasaysayan ng kamatayan at muli Niyang pagkabuhay kundi pati ng tamang pamumuhay na dapat natin isabuhay. Ang mga detalye ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus, kung maunawaan, ay pinagtitibay ang katotohanan ng Sabbaths at Banal na araw, na bumabalangkas ng plano ng Dios.

Maliban pa rito, ang detalye ng kanyang kamatayan at pagkabuhay ay isang katotohanan na ang ating Panginoon Jesucristo ay ibinigay ang kanyang buhay upang tubusin tayo sa ating mga kasalanan. Ang kanyang dalisay at malinis na buhay na inialay kapalit ng ating marumi at makasariling buhay. Hebreo 9:28, ‘*Ay gayon din naman si Cristo, na inihandog na minsan upang dalhin ang mga kasalanan ng marami, sa ikalawa’y pakikita na hiwalay sa kasalanan, sa ikaliligtas ng mga nagsisipaghintay sa kaniya.*’

At sa muli niyang pagpapakita na inaantay ng Kanyang nilikha (Roma 8:19). Kung Paanong nabuhay muli si Cristo sa mga patay, gayun din ang mga nananampalataya sa Kanya—mga alagad, mga banal—sa muli Niyang pagbabalik. Hinggil sa pangakong ito, sinabi ni Pablo: ‘*Sapagka’t kung tayo’y nagsisisampalatayang si Jesus ay namatay at nabuhay na maguli, ay gayon din naman ang nangatatulog kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama niya... Sapagka’t ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang*

nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man. (1 Tesalonica 4:14-17).

Naway pabilisin ng Dios ang araw na yaon!



Kailan ipinako si Jesus? Kailan Siya nabuhay maguli? Sinabi ni Jesus na ang tanging tanda ng kanyang pagiging Mesias ay ang haba ng oras na ilalagi niya sa ilalim ng lupa—3 araw at 3 gabi—‘*Datapuwat siya’y sumagot, at sinabi sa kanila, Isang lahing masama at mapangalunya ay humahanap ng isang tanda; at hindi siya bibigyan ng anomang tanda kundi ng tanda ng propeta Jonas: Sapagka’t kung paanong si Jonas ay napasa tiyan ng isang balyena na tatlong araw at tatlong gabi; ay gayon ding mapapasa ilalim ng lupa na tatlong araw at tatlong gabi ang Anak ng tao.* (Mateo 12:39-40)

Si Cristo ay ipinako ng Miyerkules, April 25, 31 A.D.—sa gitna ng isang linggo (Daniel 9:27). Namatay Siya sa krus pasado alas-tres ng hapon at nailibing bago lumubog ang araw Miyerkoles ng gabi. Ngayon bumilang ng 3 araw at 3 gabi—buong 72 oras. Nabuhay siya ng Sabado, linguhang sabbath, hapon bago lumubog ang araw, parehong oras ng araw ng Siya’y ilibing.

Kung susundan ang balarila ng ‘*Greek language*’, “3 araw at 3 gabi” ay di maipakahulugan na ano mang bahagi ng isang araw kundi buong-buo 3 araw at buo ring 3 gabi, na bumubuo ng 72 oras hindi isang araw at 2 gabi tulad ng pinaniniwalaang sa Biyernes Santo at Linggo ng Pagkabuhay.

Para sa iba pang detalye, saliksikin ang Bullinger’s *Companion Bible* Appendix 156, 166, at 165.

**Appendix 156 Mula sa The Companion Bible
“Anim na Araw Bago ang Paskua (Passover)”
(Juan 12:1)**

Pansinin kung sinasabi ni Dr. Bullinger sa mga pangyayari noong ipinako si Jesus:

Ang Sabbath at ang ‘high day’ ng Juan 19:31 ay banal na pagtitipon, ang unang araw ng Pista na natabunan ng ordinaryong linguhang Sabbath...ang dakilang Sabbath, na naipagkamali noon pa sa linguhang Sabbath, ay nagdulot ng kalituhan sa marami.

III. Narito ang ilang mga inormasyong na gagabay sa atin.

1. Ang ‘high day’ ng Juan 19:31 ay ang unang araw ng Pista (Unleavened Bread)
2. Ang unang araw ng pista ay ang ika 15 araw ng Nisan
3. Ang ika 15th ng Nisan ay nagsimula paglubog ng araw na dapat lang na tawagin ika 14th.
4. Anim na araw **bago** ang Paskua (Juan 12:1) ay magbabalik sa atin sa ika 9th ng Nisan.

5. 'Matapos ang 2 araw ay ang Paskua (Mateo 26:2; Marcos 14:1) ay magdadala sa atin sa ika 13th ng Nisan.
6. 'Ang unang araw ng isang Linggo ay ang araw ng kanyang muling pagkabuhay (Mateo 28:1) ay Sabado paglubog ng araw hanggang Linggo paglubog ng araw sa atin.
7. Kung kakalkulahin natin pabalik, ang ' 3 araw at 3 gabi (Mateo 12:40), mababalik tayo sa araw ng paglibing kay Jesus, na nangyari bago lumubog ang araw sa ika 14th ng Nissan bago lumubog ang araw ng Miyerkules (Juan 19:31).
Samakatuwid, Miyerkules, Nisan 14th (nagsimula ng Martes paglubog ng araw) ay ang 'Araw ng Paghahanda', nang mangyari ang pagkapako kay Jesus. Ang apat na Ebanghelyo ay nagkakaisa sa pagsasabi na ang araw ng paglibing (bago lumubog ang araw ng Miyerkoles), dahil iyon ang Paghahanda na ang anomang namatay sa krus ay di mananatili ang katawan bago mag-Sabbath 'pagkat ang Sabbath na ito ay *'high day'* at di ordinaryong sabbath o linguhang Sabbath...

